Form SP/VR

| Estado ng Hawaii<br>Kagawaran ng Edukasyon | Form ng Pagpapalabas ng Lathala/Audio/Video ng Estudyante-Pangkalahatan |
|---|---|

*Ang form na ito ay papalit sa lahat ng nakaraang Pahintulot ng Estudyante na I-videotape/I-rekord, Kopyahin ang Gawa at Mga Form Sa Pagpapalabas ng Lathala/Audio/Video ng Estudyante.*

*Paalala: Ang form na ito ay hindi nalalapat sa paggawa o paggamit ng digital o print media ng mga estudyante para sa mga kadahilanang pananaliksik, kabilang ang mga kailangan sa degree matapos ang sekondarya. Para sa karagdagang impormasyon ay bumisita sa:*

Upang maprotektahan ang mga karapatan ng mga estudyante sa pribasiya gaya ng nakasaad sa Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA) at sa Protection of Pupil Rights Amendment (PPRA), ang mga magulang/tagapangalaga o karapat-dapat na mga estudyante (mga edad 18 o higit pa) ay tinatanong upang bigyan ng pahintulot ang Hawaii State Department of Education (HIDOE) upang gumawa at/o gamitin ang digital/elektroniko o print media ng mga pangalan, boses, at wangis ng estudyante o imahe ng mga gawa ng mga estudyante para sa mga kadahilanang inilarawan sa form na ito.

Ibinibigay ko ang aking pahintulot sa HIDOE upang gumawa o gamitin ang media na inilarawan sa itaas ng aking anak (kung magulang/tagapangalaga)/ko (kung karapat-dapat na estudyante) o ang gawa ng aking anak/ko - mga rekording ng audio at video, mga larawan, at mga imahe - para sa sumusunod na mga layuning pang-edukasyon:

- Paglalathala sa mga website ng HIDOE, sa mga social media account, o sa iba pang mga digital/elektronikong media, o paglilimbag
- Propesyonal na pag-unlad ng kawani ng HIDOE, kabilang ang mga obserbasyon ng mga katrabaho at pangkonsulta
- Pagsasanay sa loob ng mga paaralan ng HIDOE na may kaugnayan sa mga programang paghahanda
- Paglahok sa mga aralin ng malayuang pag-aaral o mga aktibidad ng paaralan

Naiintindihan ko na ang pamamahagi ng mag media na ito ay maaaring naka-print, online, o digital/elektronikong media, at open-circuit na pagpapasahimpapawid, closed-circuit, o transmisyon ng cable television sa loob o labas ng estado ng Hawaii.

Naiintindihan ko na walang magiging kompensasyon, pinansyal o anupaman, ng HIDOE para sa paggamit ng mga media na ito, para sa pauna o sumusunod na transmisyon o playback.

Naiintindihan ko na kasama sa pagbigay ng pahintulot ang potensyal na pagkawala ng pribasiya. Pinakakawalan ko ang HIDOE sa anumang pananagutan na magreresulta sa o may koneksyon sa paggawa o paggamit ng media na ito. Naiintindihan ko na ang pahintulot ay ibibigay para sa buong buhay ng media. Pinapakawalan ko ang lahat ng interes sa media kung saan ako ay nagbibigay ng pahintulot.

Naiintindihan ko na maaari kong bawiin ang aking pahintulot sa anumang panahon na walang negatibong mga epekto sa pamamagitan ng pagsumite ng isang nakasulat na pahayag sa paaralan ko/ng aking anak. Naiintinddihan ko na ang pagbawi ng pahintulot ay hindi makakaapekto sa katayuan ko/ng aking anak sa paaralan, o sa anumang lathala o gawa na gumamit ng media na ito na nagawa na.

❑ Oo ❑ Hindi Pinahihintulutan ko ang HIDOE na gumawa o gamitin ang digital o print media ng aking anak/aking pangalan, boses, wangis o mga imahe ng aking anak/aking gawa nang eksklusibo para sa mga di-pangkomersyo, edukasyonal na mga layunin na nakasaad sa itaas.

***Ang form na ito ay balido para sa estudyante habang dumadalo sa nakalistang paaralan sa ibaba, maliban kung binawi ng magulang o karapat-dapat na estudyante, sa pag-alis ng estudyante sa nakalistang paaralan sa ibaba, o sa pagrebisa sa Form ng Pagpapalabas ng Lathala/Audio/Video ng Estudyante (RS 26-0618). Sa paglagda sa form na ito, sumasang-ayon ako sa mga termino at kondisyon na nakasaad sa form na ito, maliban kung nilagyan ko ng tsek ang kahong "hindi".***

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Estudyante (Paki-print) | Pangalan ng Magulang/Tagapangalaga/Karapat-dapat na Estudyante (Paki-print) |
| Paaralan | Lagda |
| Address ng Tirahan | |
| Lungsod, Estado, Zip Code | Petsa |

Pagpapalabas ng Lathala/Audio/Video ng estudyante-
Pangkalahatan (RS 26-0618)

Sa pagbibigay ng iyong pahintulot sa Hawaii Department of Education (HIDOE), ang pangalan at/o wangis, larawan, video, at/o audio ng estudyante ay maaaring gamitin sa mga lathalang naka-print at analog/digital media ng HIDEO na may relasyon sa paaralan.

Mga potensyal na paggamit ng HIDEO:

- Isang poster na nagpapakita ng papel ng estudyante sa isang produksyon ng drama
- Taunang yearbook
- Honor roll o iba pang mga listahan ng pagkilala at mga programa
- Mga programa sa pagtatapos at mga anunsyo
- Mga programa o tala ng aktibidad sa palakasan, gaya ng sa wrestling, na nagpapakita ng bigat at taas ng estudyante
- Mga pahayagang palihan ng paaralan
- Mga rekording ng audio at video na tutulong sa pagpapatibay ng mga naaangkop na pag-uugali
- Mga rekording ng audio at video na humuhuli sa mga hindi malilimot na mga sandali, gaya ng seremonya sa pagtatapos at Araw ng Lei at iba pang mga programa ng pista opisyal o mga kaganapan sa paaralan
- Mga larawan ng estudyante para gamitin sa silid-aralan, ng guro, ng paaralan at/o ng HIDOE
- Opisyal na kinikilala na mga aktibidad at kaganapan
- Paglahok sa mga aralin ng malayuang pag-aaral o mga aktibidad ng paaralan

Mga estudyanteng guro ng HIDOE na lumalahok sa mga programa ng paghahanda sa mga tagaturo at kawani sa mga kurso ng propseyonal na pag-unlad sa loob ng HIDOE ay maaaring magkaroon ng akses saa mga gawa ng estudyante at/o ibang mga lathala ng estudyante sa panahon ng kanilang pag-aaral.

Sa pag-tsek ng "Oo" at paglagda sa Form ng Pagpapalabas ng Lathala/Audio/Video ng estudyante (RS 26-0618), ang mga magulang, tagapangalaga, at karapat-dapat na mga estudyante ay nagbibigay ng pahintulot para sa lahat ng mga potensyal na paggamit ng HIDOE para sa mga layuning di-pangkomersyo at/o pang-edukasyon ng HIDOE, at hindi maaaring pumili ng mga indibidwal na bagay.

Sa pag-tsek ng "Hindi" at paglagda sa Form ng Pagpapalabas ng Lathala/Audio/Video ng estudyante (RS 26-0618), ang HIDOE at ang paaralan ay hindi maglalathala o magpapakita ng larawan, mga pangalan, mga gawa, at anumang mga rekording ng estudyante, kabilang ngunit hindi limitado sa mga potensyal na paggamit ng HIDOE na nakalista sa harapan at likuran ng form na ito.

**Ang form na ito ay balido para sa estudyante habang siya ay nag-aaral sa paaralan na nakalista sa harapan ng form na ito, at kung saan isinumite ang form, maliban kung binawi ng magulang o karapat-dapat na estudyante o sa pagrebisa sa Form ng Pagpapalabas ng Lathala/Audio/Video ng Estudyante (RS 26-618).**